

**SAVED BY THE BEEP)))**

ARAW NG PAGSUBOK SA INYONG SMOKE ALARM

**SAMA-SAMA  
NATING  
PANATILIHING  
LIGTAS MULA SA  
SUNOG ANG  
ONTARIO!**

**PARA SA HIGIT PANG  
IMPORMASYON TUNGKOL  
SA ARAW NG PAGSUBOK  
SA INYONG SMOKE  
ALARM, BISITAHIN ANG**



**#SavedByTheBeep**



**WWW.TESTYOURSMOKEALARMDAY.CA**

**#SavedByTheBeep**



**SAVED BY THE BEEP)))**

ARAW NG PAGSUBOK SA INYONG SMOKE ALARM

TAGALOG (FILIPINO)



September 28 is Smoke Alarm Testing Day in Ontario!

Hinihikayat ang lahat ng taga-Ontario na alamin pa ang tungkol sa mga smoke alarm, kaligtasan sa sunog, at pagpapalano sa paglabas kapag may sunog sa bahay, na makakatulong sa pagsagip ng mga buhay ninyo at ng inyong mga mahal sa buhay. Higit sa lahat, gusto naming subukin ninyo ang inyong mga smoke alarm!

*Ang pagkakaroon ng mga gumaganang smoke alarm ay hindi lang makakapagligtas ng inyong buhay – ito ang batas*

Ipinag-aatas ng batas sa bawat bahay sa Ontario na magkaroon ng mga gumaganang smoke alarm sa bawat palapag at sa labas ng lahat ng lugar na tulugan. Para sa dagdag na proteksyon, magkabit ng mga gumaganang smoke alarm sa bawat silid-tulugan.

## MGA MAY-ARI NG BAHAY

Ang mga may-ari ng bahay ay dapat na gumamit ng mga gumaganang smoke alarm sa bawat palapag ng kanilang bahay at sa labas ng lahat ng lugar na tulugan. Para sa dagdag na proteksyon, magkabit ng mga gumaganang smoke alarm sa bawat silid-tulugan.

## MGA MAY-ARI NG GUSALI

Responsibilidad ng mga may-ari ng gusali ang pagkakabit at pagpapanatili ng mga gumaganang smoke alarm sa kanilang mga paupahang ari-arian.

Ipinag-aatas sa mga may-ari ng gusali na subukin ang mga smoke alarm sa mga paupahang unit taon-taon at kapag pinalitan ang baterya, may mga pagbabagong ginawa sa electric circuit, o may nangyaring pagbabago sa pangungupahan.

## MGA NANGUNGUPAHAN

Ipinag-aatas ng batas sa mga nangungupahan na abisuhan ang may-ari ng gusali kung naalis sa pagkakonekta, hindi gumagana, o may mali sa paggana ng smoke alarm sa paupahang unit.

Labag sa batas ang pag-aalis sa mga baterya o pangingialam sa alarm ng mga nangungupahan.



## PAGKAKABIT, PAGSUBOK, AT PAGPAPANATILI NG MGA SMOKE ALARM

Mayroong maraming uri ng mga smoke alarm. Ang mga smoke alarm ay maaaring hardwired, de-baterya, o pareho. Kapag magpapalit ng smoke alarm, dapat ninyo itong palitan ng parehong uri ng smoke alarm na naroon.

Mga pagtaas ng usok – Ang mga kisame ang pinakamainam na lokasyon upang ikabit ang inyong mga smoke alarm. Iwasan ang paglalagay ng mga alarm malapit sa mga banyo, heating appliance, bintana, at ceiling fan. Palaging sundin ang mga tagubilin ng tagamanupaktura kapag magkakabit ng mga smoke alarm.

Subukin ang mga smoke alarm nang kahit kada buwan sa pamamagitan ng pagpindot sa button ng pagsubok at pakikinig sa alarm na may tatlong beep.

Palitan ang mga baterya ng smoke alarm nang kahit isang beses sa isang taon, at sa tuwing tutunog ang babala para sa mahinang baterya.

Hindi panghabambuhay ang mga smoke alarm. Palitan ang mga smoke alarm alinsunod sa mga tagubilin ng tagamanupaktura, na karaniwang kada 10 taon.

Kapag magpapalit ng mga magkakarugtong na smoke alarm, mainam na palitan ang lahat ng unit sa system nang sabay-sabay. Kung kailangan ninyong magpalit ng nag-iisang alarm na hindi gumagana, tiyaking compatible ang bagong alarm sa mga dati nang unit. Hindi ninyo maaaring palitan ng de-bateryang smoke alarm ang isang hardwired na smoke alarm.

## PAMAHALAAN ANG MGA SIRANG ALARM

Kung madalas na ma-activate ang isang smoke alarm dahil sa pagluluto o pagligo, huwag alisin ang baterya.

Subukang ilipat ang smoke alarm, bumili ng smoke alarm na may hush feature, o palitan ang mga alarm na matatagpuan malapit sa mga kusina na photoelectric ang uri.

## ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG TUMUNOG ANG SMOKE ALARM

Kung may ma-detect na usok ang inyong smoke alarm, tutunog ito nang malakas sa pattern ng tatlong beep.

Kung sakaling may sunog, mayroon kayong wala pang 60 segundo upang ligtas na makaalis sa panganib. Mahalagang kausapin ang lahat ng miyembro ng pamilya at bisita tungkol sa plano sa paglabas kapag may sunog sa bahay at sanayin ang plano nang dalawang beses sa isang taon.

Kung may maganap na sunog sa inyong bahay, sundin ang plano sa paglabas kapag may sunog sa bahay ng inyong pamilya. Tandaang LUMABAS, MANATILI SA LABAS, at TUMAWAG SA 911. Huwag kailanman babalik sa loob ng nasusunog na bahay para sa anuman o sinuman.



#SavedByTheBeep



#SavedByTheBeep

